



CODE-SWITCHING SA KOMUNIKASYONG BERBAL NG MGA MAG-AARAL NG TULALIAN NATIONAL HIGH SCHOOL

Carla Mae P. Landasan
Rizal Memorial Colleges, Inc.

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang karanasan, pananaw, at mekanismo ng mga mag-aaral sa paggamit ng code-switching sa komunikasyong berbal sa Tulalian National High School. Gumamit ang pananaliksik ng kwalitatibong penomenolohikal na disenyo upang makuha ang mas malalim na pag-unawa sa mga personal na karanasan ng labindalawang (12) kalahok mula sa Baitang 9 at 10. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng in-depth interview at focus group discussion, at sinuri gamit ang thematic analysis upang matukoy ang mga umuusbong na tema. Lumabas sa resulta na karaniwang ginagamit ng mga mag-aaral ang code-switching bilang estratehiya upang mapalinaw ang pagpapahayag ng ideya, mapadali ang pag-unawa sa aralin, at mapanatili ang daloy ng komunikasyon sa loob ng silid-aralan. Ipinakita rin na positibo ang pananaw ng mga mag-aaral dito sapagkat nakatutulong ito sa pagpapalawak ng bokabularyo, pagpapataas ng kumpiyansa, at pagpapalakas ng kolaboratibong pagkatuto. Gayunpaman, binigyang-diin ang pangangailangang gamitin ito nang may balanse upang hindi maapektuhan ang paglinang ng kasanayan sa target na wika. Natukoy din na ang code-switching ay nagsisilbing kognitibong suporta sa pagpoproseso ng komplikadong konsepto at mekanismo sa pagpapalakas ng pakikipag-ugnayang akademiko. Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Sustainable Development Goal 4: Quality Education, sapagkat itinataguyod nito ang inklusibo at epektibong pagkatuto sa loob ng multilinggwal na kapaligiran. Ipinapahiwatig ng mga natuklasan na ang estratehikong paggamit ng maraming wika ay maaaring magsulong ng learner-centered na edukasyon at mas makabuluhang akademikong interaksyon.

SUSING SALITA: Code-Switching, Komunikasyong Berbal, Multilinggwal Na Edukasyon, Kognitibong Suporta, Akademikong Interaksyon

KABANATA I – PANIMULA

Ang code-switching, na tumutukoy sa paghahalo ng dalawa o higit pang wika sa isang pahayag, ay nagiging karaniwang gawi sa pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral at nakaaapekto sa kanilang paraan ng komunikasyon batay sa konteksto at kausap. Ipinapakita rin na ang pagbabagong ito sa paggamit ng wika ay sumasalamin sa dinamiko at multilingguwal na kalikasan ng lipunang Pilipino, kung saan nagiging mahalaga ang kakayahang umangkop sa iba't ibang sitwasyon ng komunikasyon (Gui & de Oliveira, 2024).

Ipinapakita rin sa mga kaugnay na pag-aaral na may dalawang mukha ang code-switching sa larangan ng edukasyon. Sa isang banda, nagiging kapaki-pakinabang ito sa pagpapalinaw ng ideya, pagpapadali ng pagkatuto, at pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pakikilahok sa talakayan. Sa kabilang banda, maaari rin itong magdulot ng kalituhan, hindi pagkakaunawaan, at kakulangan sa kahusayan sa gramatika at wastong paggamit ng wika kung hindi ito magagamit nang wasto. Ipinakita rin ng mga pag-aaral na ang paggamit nito ay naiimpluwensiyahan ng iba't ibang salik tulad ng kakulangan sa kasanayan sa ikalawang wika, mas mataas na kumpiyansa sa unang wika, at ang impluwensiya ng guro at kapaligiran ng pagkatuto (Aparece & Bacasmot, 2023).

Dagdag pa rito, ipinapakita ng ilang pananaliksik na ang madalas na paggamit ng code-switching ay maaaring makaapekto sa paglinang ng kasanayang lingguwistiko ng mga mag-aaral, lalo

na sa aspeto ng gramatika, bokabularyo, at pormal na komunikasyon. Sa ilang konteksto, nagiging hadlang ito sa pagbuo ng mas malalim na pag-unawa sa isang partikular na wika kapag hindi ito nagagamit nang tuloy-tuloy at sistematiko (Ng & Zayts Spence, 2023). Gayunpaman, nananatiling mahalagang kilalanin na ang code-switching ay isang likas na bahagi ng komunikasyon sa mga bilingguwal at multilingguwal na indibidwal, kaya kinakailangan itong pag-aralan nang masusi upang matukoy ang angkop na paggamit nito sa edukasyon.

Sa lokal na konteksto, partikular sa Tulalian National High School, kinikilala ang pangangailangang masuri ang balanse at epekto ng code-switching upang mapanatili ang kahusayan sa wika habang natutugunan ang pangangailangan sa epektibong komunikasyon ng mga mag-aaral (De Castro et al., 2021). Dahil dito, layunin ng pag-aaral na tuklasin ang iba't ibang anyo, dahilan, at epekto ng code-switching sa komunikasyong berbal ng mga mag-aaral. Tinutukoy rin nito ang mga implikasyon ng naturang penomenon sa pagtuturo at paggamit ng wikang Filipino sa loob ng silid-aralan, upang makapagbigay ng mas angkop at epektibong estratehiya sa pagtuturo sa isang multilingguwal na kapaligiran

REBYU NG MAKABULUHANG LITERATURA

Ang mga kaugnay na literatura ay nagpapakita na ang code-switching ay isang karaniwang penomenon sa mga bansang multilingguwal tulad ng Pilipinas, kung saan ang impluwensiya



ng iba't ibang wika at kultura ay malaki. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang paggamit ng dalawa o higit pang wika ay hindi lamang simpleng paghahalo ng salita, kundi isang estratehikong paraan ng komunikasyon upang mas maipahayag ang kahulugan, ideya, at identidad ng isang tao.

Dagdag Kaalaman Patungkol sa Code-switching

Ang code-switching ay isang karaniwang penomenon sa mga bansang multilingguwal tulad ng Pilipinas, kung saan ang impluwensiya ng iba't ibang wika ay makikita sa pang-araw-araw na komunikasyon. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ito ay nagsisilbing paraan upang maipahayag ang ideya, identidad, at kahulugan nang mas malinaw (Shah et al., 2020). Hindi lamang ito simpleng paghahalo ng wika kundi isang mahalagang bahagi ng sosyolingguwistikong interaksyon, lalo na sa mga bilingguwal at multilingguwal na indibidwal (Deuchar, 2020). Sa konteksto ng edukasyon, nakatutulong ito sa pagpapadali ng pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral (Celario, 2022).

Mga Kadalasang Uri ng Code-switching na Ginagamit

May iba't ibang uri ng code-switching na ginagamit sa komunikasyon, tulad ng tag-switching, intra-sentential, at inter-sentential (Reddy et al., 2013). Ang tag-switching ay tumutukoy sa pagsingit ng maiikling pahayag o ekspresyon mula sa ibang wika, samantalang ang intra-sentential ay nangyayari sa loob ng isang pangungusap, at ang inter-sentential naman ay sa pagitan ng mga pangungusap. Batay sa mga pag-aaral, mas karaniwang ginagamit ng mga guro at mag-aaral ang intra-sentential na uri dahil mas natural itong isinasagawa sa talakayan (Abrera, 2023). Ipinapakita rin na ang paggamit ng mga uring ito ay nakadepende sa sitwasyon at layunin ng komunikasyon (Kaur & Khurana, 2044; Rodrigues, 2025).

Dahilan ng Paggamit ng Code-switching

Maraming dahilan kung bakit gumagamit ng code-switching ang mga indibidwal. Kabilang dito ang kakulangan sa bokabularyo sa isang wika, pagnanais na maging mas malinaw ang pagpapahayag, at pag-angkop sa kausap o sitwasyon (Tran & Nguyen, 2025). Ginagamit din ito upang ipakita ang identidad at makabuo ng koneksyon sa iba (Baird et al., 2023). Sa edukasyon, nagsisilbi itong estratehiya upang mabawasan ang anxiety ng mga mag-aaral, mapataas ang kanilang kumpiyansa, at mapahusay ang kanilang partisipasyon sa talakayan (Hero et al., 2025). Nakakatulong din ito bilang suporta sa pag-unawa sa mga komplikadong konsepto at sa pagpuno ng kakulangan sa bokabularyo (Rajendram & Garcia, 2024).

KABANATA II: PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga pamamaraang ginamit upang maisakatuparan ang pananaliksik hinggil sa paggamit ng code-switching sa komunikasyong berbal ng mga mag-aaral. Layunin nitong ipaliwanag nang malinaw ang mga hakbang na isinagawa mula sa disenyo ng pananaliksik, etikal na konsiderasyon, pagpili ng mga kalahok, instrumentong ginamit, paraan ng pangangalap ng datos, at pagsusuri ng mga nakalap na

impormasyon. Ang mga pamamaraang ito ay pinili upang matiyak na ang pag-aaral ay sistematiko, maayos, at naaayon sa layunin ng pananaliksik sa kontekstong pang-edukasyon.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo, partikular ang phenomenological approach, upang maunawaan ang mga karanasan, pananaw, at mekanismo ng mga mag-aaral sa paggamit ng code-switching sa kanilang komunikasyong berbal. Pinili ang pamamaraang ito sapagkat layunin ng pananaliksik na tuklasin ang malalim na kahulugan ng kanilang mga karanasan at kung paano ito nakaaapekto sa kanilang pakikipagkomunikasyon sa loob ng paaralan. Ang phenomenological na disenyo ay angkop sa pag-aaral na ito dahil nagbibigay ito ng pagkakataon na mailahad ang aktwal na karanasan ng mga kalahok batay sa kanilang sariling perspektibo.

Etikal na Konsiderasyon

Isinagawa ang pananaliksik na ito alinsunod sa mga pamantayang etikal upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga kalahok. Binigyan ang mga kalahok ng malinaw na paliwanag tungkol sa layunin, saklaw, at proseso ng pananaliksik sa pamamagitan ng informed consent at assent forms. Tiniyak na ang kanilang partisipasyon ay boluntaryo at may karapatan silang umatras anumang oras nang walang anumang kaparusahan. Pinangalagaan din ang kanilang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng paggamit ng mga code o alyas sa halip na tunay na pangalan. Sinunod din ang Data Privacy Act of 2012 upang matiyak ang seguridad at pagiging kumpidensyal ng mga nakalap na datos.

Mga Kalahok

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng labindalawang (12) mag-aaral mula sa Tulalian National High School, kung saan anim (6) ay mula sa Baitang 9 at anim (6) naman ay mula sa Baitang 10. Pinili ang mga kalahok gamit ang purposive sampling batay sa mga sumusunod na pamantayan: (1) aktibong gumagamit ng Filipino at Ingles sa komunikasyon; (2) may karanasan sa paggamit ng code-switching sa loob at labas ng silid-aralan; at (3) handang magbahagi ng kanilang karanasan at pananaw. Ang bilang ng mga kalahok ay sapat upang makalikom ng malalim at makabuluhang datos para sa kwalitatibong pag-aaral.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang pangunahing instrumento sa pananaliksik na ito ay isang semi-structured interview guide na binuo batay sa mga layunin ng pag-aaral. Ang mga tanong ay idinisenyo upang makuha ang karanasan, pananaw, at mekanismo ng mga mag-aaral sa paggamit ng code-switching. Bukod dito, gumamit din ng focus group discussion (FGD) upang mas mapalalim ang talakayan at makuha ang kolektibong pananaw ng mga kalahok. Ang mga instrumentong ito ay sumailalim sa pagsusuri ng mga eksperto upang matiyak ang bisa at kaangkupan ng mga tanong.

Paraan ng Pangangalap ng Datos

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng in-depth interview at focus group discussion. Bago ang aktwal na



panayam, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik mula sa paaralan at sa mga kalahok. Ang bawat panayam ay tumagal ng humigit-kumulang 30 hanggang 45 minuto at isinagawa sa isang komportable at tahimik na lugar upang masiguro ang malayang pagpapahayag ng mga kalahok. Ang mga panayam ay naitala sa pamamagitan ng audio recording at isinulat sa transkripsyon para sa masusing pagsusuri. Sa kabuuan ng proseso, pinanatili ang isang ligtas at bukas na kapaligiran upang mahikayat ang tapat na pagbabahagi ng karanasan.

Paraan ng Pagsusuri ng Datos

Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang thematic analysis upang matukoy ang mga pangunahing tema na lumitaw mula sa mga tugon ng mga kalahok. Kabilang sa mga hakbang ang pagbabasa at pag-unawa sa mga transkripsyon, pagko-code ng mahahalagang pahayag, pagbuo ng mga tema, at interpretasyon ng mga datos. Ang prosesong ito ay isinagawa nang sistematisiko upang matiyak ang lalim, kredibilidad, at pagiging makabuluhan ng mga natuklasan. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, naipakita ang mga karanasan, pananaw, at mekanismo ng mga mag-aaral sa paggamit ng code-switching sa kanilang komunikasyong berbal.

KABANATA III: RESULTA NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga factual at empirikal na resulta ng pananaliksik na walang halong interpretasyon o pagsusuri. Ipinapakita rito ang mga datos na nakalap mula sa mga panayam sa mga mag-aaral ng Tulalian National High School hinggil sa kanilang karanasan, pananaw, at mekanismo sa paggamit ng code-switching sa komunikasyong berbal. Layunin nitong mailahad ang mahahalagang tema na umusbong mula sa aktwal na karanasan ng mga kalahok sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri ng datos.

Tema 1: Code-Switching bilang Paraan ng Pagpapaunawa ng Punto

Lumabas sa resulta na ginagamit ng mga mag-aaral ang code-switching upang maging mas malinaw ang kanilang pagpapahayag, lalo na sa mga talakayan at presentasyon. Nakakatulong ito upang maipahayag nila nang mas maayos ang kanilang ideya kapag nahihirapan sa isang wika, kaya nagiging mas epektibo ang kanilang partisipasyon sa klase.

Tema 2: Impluwensiya ng Kausap at Guro

Ipinakita ng mga kalahok na malaki ang impluwensiya ng kanilang mga kaklase at guro sa paggamit ng code-switching. Kapag ang guro o kapwa mag-aaral ay gumagamit nito, nagiging normal at katanggap-tanggap din ito sa kanila, na nagiging dahilan upang mas madalas nila itong gamitin sa komunikasyon.

Tema 3: Code-Switching bilang Kasangkapan sa Pagkatuto

Natuklasan na nakatutulong ang code-switching sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Nagiging mas madali para sa kanila na maunawaan ang mga aralin, matutunan ang bagong bokabularyo, at makasabay sa diskusyon dahil nababawasan ang kanilang kahirapan sa paggamit ng isang wika lamang.

Tema 4: Papel sa Pakikipagkomunikasyon

Ipinakita rin na ang code-switching ay mahalagang mekanismo sa pakikipagkomunikasyon. Nakakatulong ito upang mapanatili ang daloy ng usapan, mapalakas ang ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral, at makapagpahayag ng ideya nang mas epektibo sa iba't ibang sitwasyon.

Tema 5: Negatibong Epekto ng Code-Switching

Bagama't may mga positibong dulot, may ilang kalahok din ang nagbanggit ng negatibong epekto nito tulad ng posibleng pagdepende sa paghahalo ng wika at kahinaan sa paggamit ng iisang wika nang wasto. Ipinapakita nito na may mga hamon ding kaakibat ang paggamit ng code-switching sa akademikong konteksto.

KABANATA IV: MGA KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng buod ng mga natuklasan, mahahalagang implikasyon, at mga rekomendasyon batay sa karanasan at pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng code-switching sa kanilang komunikasyong berbal. Layunin nitong ipakita kung paano nakaaapekto ang code-switching sa kanilang pagpapahayag ng ideya, pag-unawa sa aralin, at pakikilahok sa talakayan sa loob ng silid-aralan.

Batay sa resulta ng pananaliksik, lumitaw na ang code-switching ay isang mahalagang estratehiya sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito upang maging mas malinaw ang pagpapahayag ng kanilang ideya, mapadali ang pag-unawa sa mga aralin, at mapataas ang kanilang kumpiyansa sa pakikilahok sa mga diskusyon. Ipinakita rin na ang code-switching ay nagsisilbing tulay upang mapagdugtong ang kanilang kaalaman sa unang wika at ikalawang wika. Gayunpaman, may ilang negatibong epekto rin itong maaaring idulot tulad ng pagdepende rito at kakulangan sa kasanayan sa paggamit ng iisang wika nang wasto at tuloy-tuloy.

Lumabas din sa pag-aaral na ang paggamit ng code-switching ay naiimpluwensiyahan ng kapaligiran, kabilang ang guro at kapwa mag-aaral. Dahil dito, mahalaga ang wastong paggabay ng guro upang maging balanse ang paggamit ng wika sa loob ng klase. Ipinapakita rin ng mga natuklasan na ang code-switching ay hindi dapat ituring na hadlang, kundi isang kasangkapan na maaaring gamitin nang maayos upang mapabuti ang pagkatuto.

Bilang implikasyon, kinakailangan ang mas malinaw na patnubay sa paggamit ng code-switching sa loob ng silid-aralan. Dapat magkaroon ng sapat na pagsasanay ang mga guro upang magamit ito bilang epektibong estratehiya sa pagtuturo nang hindi naaapektuhan ang kasanayan ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng wika. Mahalaga rin ang pagbuo ng mga programang magpapalakas sa kakayahan ng mga mag-aaral sa parehong Filipino at Ingles.

Inirerekomenda na ang mga mag-aaral ay magsanay sa paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon upang mapabuti ang kanilang



kasanayan sa komunikasyon. Ang mga guro naman ay hinihikayat na gumamit ng angkop at balanseng estratehiya sa paggamit ng code-switching upang masuportahan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga administrador ng paaralan ay dapat magpatupad ng mga programang pangwika at magbigay ng suporta sa mga guro sa pamamagitan ng mga seminar at pagsasanay.

Hinihikayat din ang mga magulang na maging katuwang sa paglinang ng kasanayan sa wika ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng paggabay at pakikipag-ugnayan sa paaralan. Para sa mga susunod na mananaliksik, maaaring magsagawa ng mas malalim na pag-aaral hinggil sa epekto ng code-switching sa iba't ibang asignatura at antas ng edukasyon.

Sa kabuuan, ang code-switching ay isang makabuluhang bahagi ng komunikasyon ng mga mag-aaral na may positibong kontribusyon sa kanilang pagkatuto. Gayunpaman, kinakailangan ang wastong paggamit, sapat na gabay, at kooperasyon ng lahat ng stakeholder upang matiyak ang epektibo at balanseng paglinang ng kasanayang pangwika.

MGA SANGGUNIAN

1. Abrera, A. B. (2023). English to Hiligaynon and back again: Pedagogic code-switching of teachers and students in virtual classes. *Globus: Journal of Progressive Education*, 2(2), 39-48. <https://doi.org/10.46360/globus.edu.220231014>
2. Alang, N., & Idris, S. (2018). Students' perception towards the use of code-switching in teaching and learning. *Journal of Education and Social Sciences*, 11(1), 1-9.
3. Aparece, M., & Bacasnot, J. (2023). Analyzing the impacts of code-switching on foreign language classroom anxiety and English language problems through path analysis. *Asian Journal of Education and Social Studies*, 41(1), 1-17.
4. Baird, B., Balam, O., & Couto, M. C. P. (2023). On the Linguistic Analysis of Central American Spanish in Monolingual and Bi/Multilingual Contexts. *Linguistic Advances in Central American Spanish*, 39, 1.
5. Bardovi-Harlig, K. (2025). Research methods in L2 pragmatics research: Introduction to the special issue. *Research Methods in Applied Linguistics*, 100241.
6. Celario, E. J. R. (2022). Code-Switching: A Means to Alleviate Mathematics Instruction to Learners with Limited English Proficiency. In *English Proficiency; Mathematics; Code-switching; Taglish* (pp. 239-248). https://doi.org/10.2991/978-2-494069-29-9_27
7. Cresswell, J.W. & Cresswell, J.D. (2018). *Research design: Qualitative, quantitative and mixed methods approaches* (5th ed.) SAGE publications
8. De Castro, N. P. G., Parajito, G. P., Realco, J. M. B., & Dacara, J. R. C. (2021). The effects of code-switching to the communicative competence of 21st century learners: a case study. <https://ejournals.ph/article.php?id=17631>
9. Deuchar, M. (2020). Code-switching in linguistics: A position paper. *Languages*, 5(2), 1-19. <https://doi.org/10.3390/languages5020022>
10. Enriquez, C. F., Candido, G., Abing, N. F., Bucog, F., & Bacatan, J. (2022). Code switching in Grade 11 students of UM Peñaplata College. *ELT Forum Journal of English Language Teaching*, 11(3), 201-216. <https://doi.org/10.15294/elt.v11i3.55440>
11. Giles, H. (2016b). *Communication Accommodation Theory. The International Encyclopedia of Communication Theory and Philosophy*, 1-7. <https://doi.org/10.1002/9781118766804.wbiect056>
12. Gui, J., & de Oliveira, L. (2024). Implementing Code-Breaking with Multilingual Learners: Principles and Instructional Planning. *NYS TESOL JOURNAL*, 3-20.
13. Helmie, J., Halimah, H., & Hasanah, A. (2020). Code mixing in college students' presentation: A case in an intercultural communication class. *Indonesian Journal of EFL and Linguistics*, 5(2), 403-426. <https://doi.org/10.21462/ijefl.v5i2.249>
14. Jones, D. A. (2023). A review and critical analysis of qualitative methodologies and data-collection techniques used for code-switching research. *American Journal of Qualitative Research*, 7(2), 53-72. <https://doi.org/10.29333/ajqr/12988>
15. Kaur, A., & Khurana, M. (2024, March). Multimodal sentiments: Unraveling text and emoji dynamics through deep learning. In *2024 11th International Conference on Reliability, Infocom Technologies and Optimization (Trends and Future Directions) (ICRITO)* (pp. 1-6). IEEE
16. MacSwan, J. (2012). Code-switching and grammatical theory. *The handbook of bilingualism and multilingualism*, 321-350.
17. Nassaji, H. (2020). Good qualitative research. *Language Teaching Research*, 24(4), 427-431. <https://doi.org/10.1177/1362168820941288>
18. Ng, S., & Zayts-Spence, O. (2023). Code-switching in mental health recovery narratives of Hong Kong storytellers.
19. Olivera, L. C. (2021). Code-switching in English class: A strategy in boosting learners' confidence and engagement. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 1(1), 15-28.
20. Petrou, M. (2023). Because I am a foreigner": Nonaccommodative adjustments of German speaking host community members through the eyes of non-native speakers-With a focus on first language Turkish speakers. *Mediterranean Language Review*, 30(1), 121-154.
21. Rajendram, S., & García, O. (2024). Translanguaging: English studies and education. In *The Routledge Companion to English Studies* (pp. 139-153). Routledge.
22. Reddy, M. B., Thangaraj, J., & Priye, V. (2023). Multiservice provisioning optical code-switched generalized multiprotocol label switching optical networks. *Wireless Personal Communications*, 128(3), 1651-1669.
23. Reyes, M. (2023). Kritisismo sa New Testament Pinoy version Catholic Edition: Isang suring-salin. *Bedan Research Journal*, 8(1), 364-388. <https://doi.org/10.58870/berj.v8i1.58>
24. Ricci, L., Lanfranchi, J. B., Lemetayer, F., Rotonda, C., Guillemin, F., Coste, J., & Spitz, E. (2019). Qualitative methods used to generate questionnaire items: a systematic review. *Qualitative health research*, 29(1), 149-156.
25. Rodrigues, T. (2025). Translanguaging framework. In M. K. Ralarala, S. Pillay, Z. Bock, & R. H. Kaschula (Eds.), *Unlocking the chains of knowledge: Understanding the challenges, remaking pedagogies and curriculum renewal* (p. 168). AFRICAN SUN MeDIA.
26. Shah, M., Pillai, S., & Sinayah, M. (2020). Identity construction through code-switching practices at a university in Pakistan.



- GEMA Online® Journal of Language Studies, 20(4), 251–267.
<https://doi.org/10.17576/gema-2020-2004-15>
27. Hero, J. L., Monteza, J. P., Añonuevo, M., Torrevillas, C., Orias, D. K., Tamboong, D. P., & Aguilar, J. (2025). *The praxis of code-switching: Lived experiences of Filipino senior high school learners using lingua franca*. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 41(4), 1–1.
28. Tran, T. Q., & Nguyen, T. K. T. (2025). *Equity and inclusion in business English courses: L2 students' translanguaging*. In *Differentiated instruction, equity, and inclusion in language education* (pp. 121–144). IGI Global Scientific Publishing.
29. Zhu, D., & Wang, P. (2025). *A bibliometric analysis of research trends in multilingualism in English medium instruction: Towards translanguaging turn*. *International Journal of Multilingualism*, 22(2), 1011–10